MAIN LIBRARY
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
DILIMAN, QUEZON CITY

Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

# ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Tanging Bilang

Mayo 25, 1984

## "Kung buhay ang inutang, buhay ang kabayaran"

Ginawaran namin ng makatarungang parusa si Brig. Hen. Tomas Karingal para sa kanyang inutang na dugo sa mamamayang Pilipino.

Bilang Superintendent ng Northern Police District ng Metro Manila, may tuwirang responsibilidad si Karingal sa pagmamasaker sa mga manggagawang nasa piketlayn. Mayroon din siyang tuwirang responsibilidad sa marahas na panunupil sa mapayapang mga pagtitipon at aksyong masa ng mamamayang nagtataguyod sa lehitimo nilang mga karapatan.

Batid namin na hindi lamang si Karingal ang sagadsaring pasista na dapat managot sa paghahari ng lagim sa ating bayan. Ang diktadurang US-Marcos ay naghahari pangunahin sa pamamagitan ng dahas. Sa ilalim ng kasalukuyang rehimen, ang pwersang mapamilit ng estado ay umabot sa kasukdulan ng kahayupan at kawalang-katuwiran.

Subalit hindi masasabing ang mamamayang Pilipino ay walang kalaban-laban. Karapatan nilang hawakan ang baril at patalim laban sa mga mapagsamantala't mapang-api. Sa malawak na kanayunan, sunud-sunod na tagumpay ang kanilang nakakamit sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Ngayon, maging sa syudad ay hindi na rin ligtas ang buhay ng mga kaaway nila.

Ang parusa kay Karingal ay isang babala. Haharap din sa rebolusyonaryong hustisya, sa malao't madali, ang mga ayaw magbagong kaaway ng mamamayan.

Pinapasalamatan namin ang mga tauhan ng AFP na tumulong sa matagumpay na operasyon laban kay Karingal. Nananawagan kami sa lahat ng upisyal at tauhan, laluna ng PC-INP, na igalang ang mga karapatan ng taumbayan at tumangging magpagamit laban sa mga kapwa nilang Pilipino.

KAMATAYAN SA MGA MAPANIIL!

KATARUNGAN AT KALAYAAN SA MAMAMAYANG PILIPINO!

IBAGSAK ANG PASISTANG DIKTADURANG US-MARCOS!

Brigadang Alex Boncayao
Bagong Hukbong Bayan